

# Mga Batayan para sa mga Supplier

## 1. Panimula

Ang Macquarie Group Limited at ang buong pagmamay-ari na mga subsidiary ("Macquarie") nito ay nakatuon upang matiyak ang mataas na mga pamantayan ng pagganap sa kapaligiran, lipunan at pamumuno sa loob ng daloy ng produkto at serbisyo (supply chain) nito. Ang pangakong ito ay pinasisigla ng parehong mga pangunahing pagpapahalaga na gumagabay sa negosyo ng Macquarie: Oportunidad, Pananagutan at Integridad[1] na nakabalangkas sa Kodigo ng Pag-uugali ng Macquarie Group. Ang Mga Batayan ng Supplier ("ang mga Batayan") ay naglalayong tulungan ang Macquarie na maitaguyod ang mga pangunahing pagpapahalaga nito sa pamamagitan ng mga ugnayan sa supplier na lumilikha ng pangmatagalan at napapanatiling halaga para sa aming mga kliyente, shareholder at komunidad at mga supplier.

Ang Macquarie ay mayroong matatag na balangkas ng pamamahala sa panganib at inaasahan ang aming mga supplier na magsagawa ng maagap na pamamaraan sa pagpapagaan at pamamahala sa mga panganib. Dapat kabilang dito ang mga sistema at pamamaraan para sa pagtukoy, pagtatasa, pamamahala at pagpapagaan sa mga panganib na may kaugnayan sa mga bahaging binanggit sa Mga Batayan.

Nakatuon ang Macquarie sa patuloy na pagpapabuti at ang dokumentong ito ay napapailalim sa modipikasyon sa pana-panahon. Ang pinakabagong bersyon ng mga Batayan ay makukuha sa Portal ng Supplier ng Macquarie https://www.macquarie.com/au/en/about/suppliers.html. Hihilingin sa mga supplier na kilalanin ang pinakabagong Mga Batayan sa panahon ng kontrata, pagre-renew, o sa sandaling may mga makabuluhang pagbabago sa Mga Batayan, tulad ng ipinababatid ng Macquarie sa pana-panahon.

## 2. Aplikasyon

Ang mga supplier na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa Macquarie sa buong mundo ("Mga Supplier") ay inaasahang:

- Sumunod sa lahat ng naaangkop na batas kabilang ang mga batas sa karapatang pantao, kapaligiran, kalusugan at kaligtasan sa trabaho, at laban sa panunuhol, abisuhan ang Macquarie sa anumang mga paglabag at gumawa ng makatuwirang mga hakbang upang matugunan at itama ang mga iyon;
- Panatilihin ang nauugnay na mga patakaran at pamantayan na sumasaklaw sa mga paksang tinalakay sa Mga Batayan;
- Maipakita ang pagsunod sa minimum na mga kinakailangan sa Mga Batayan kapag kinukumpleto ang kahilingan sa alok, sa panahon ng pagbalangkas sa panganib o pag-onboard at sa buong panahon ng pagkakasunduan kung hiniling;
- Magsagawa ng patuloy na pagpapabuti sa mga bahaging binanggit sa Mga Batayan; at
- Ipaliwanag ang Mga Batayan sa kanilang mga empleyado at mga subcontractor.

[1] www.macquarie.com/about/company/what-we-stand-for

[2] Alinsunod sa International Labor Organization Convention No. 138 hinggil sa Pinakamababang Edad para sa Pagpasok sa Trabaho

## 3. Mga Batayan para sa mga Supplier

### 3.1 Pag-uugali at etika sa negosyo

Inaasahan ng Macquarie ang etikal na pag-uugali mula sa mga kawani nito at naghahanap ng mga supplier na nagsasagawa ng negosyo sa paraang patas, matapat, magalang at naaayon sa batas.

#### Panunuhol at Katiwalian

- Inaasahan na ang mga supplier ay kikilos laban sa lahat ng uri ng katiwalian kabilang ang panunuhol, pangingikil, personal o hindi wastong kalamangan, direkta man o hindi direkta at pananatilihin ang sapat na mga pamamaraan upang iulat ang mga babala o red flag at mahadlangan ang mga taong may kaugnayan sa supplier (halimbawa ang mga empleyado o mga subcontractor) sa pagkasangkot sa panunuhol o katiwalian.

#### Mga salungat sa interes

- Inaasahan sa mga supplier na ipaalam sa Macquarie, iwasan o pamahalaan nang naaangkop ang anumang aktuwal o potensyal na mga salungat na interes na nagmula dahil sa mga kaugnayan sa personal man o sa negosyo.

#### Mekanismo ng Karaingan

- Inaasahan sa mga supplier na magkaroon ng angkop na patakaran o mekanismo sa tagapagsuplong o whistle-blower upang maprotektahan ang mga empleyado o ibang mga taong nagpapaalam ng alalahanin na may mabuting layunin.

### 3.2 Karapatang pantao at paggawa

Sinusuportahan ng Macquarie ang pundamental na mga karapatang pantao tulad ng nakasaad sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao at pangunahing mga kumbensiyon ng International Labor Organization. Alinsunod sa Panggabay na mga Batayan ng UN sa Negosyo at Karapatang Pantao, kinikilala ng Macquarie ang tungkulin ng mga Estado na protektahan ang mga karapatang pantao at responsibilidad ng mga negosyo na igalang ang karapatang pantao.

#### Paggawa ng Menor de Edad (Child Labour)

- Ang mga supplier ay hindi dapat magbigay ng gawain sa menor de edad sa ilalim ng anumang mga kalagayan[2] at hindi dapat makibahagi sa pangalawang pakikipagkontrata na nakikibahagi sa paggawa ng menor de edad (child labour) sa paghahatid ng serbisyo o pagmamanupaktura.

#### Puwersahang Paggawa at Pangangalakal ng Tao

- Ang mga supplier ay hindi dapat gumamit sa anumang anyo ng 'di-boluntaryong paggawa at inaasahang ibibigay sa mga lokal at dayuhang mangagawa ang karapatan at kakayahang umalis sa trabaho kapag kanilang pinili.

#### Walang diskriminasyon

- Dapat maglaan ang mga supplier ng isang lugar ng trabaho kung saan ang lahat ng mga empleyado ay makapupunta sa pantay na mga pagkakataon na malaya mula sa panghaharas, diskriminasyon at pang-aapi, kung ang batayan man ay kasarian, edad, kapansanan, kinabibilangang kultura, sekswal na oryentasyon, paniniwala, pinag-aralan o anumang iba pang basehan.

**Walang paghihiganti**

- Dapat tiyakin ng mga supplier na ang mga empleyado ay tinatrato nang may paggalang at protektado mula sa paghihiganti kung ang mga alalahanin ay ipinaalam tungkol sa pagsasagawa ng negosyo.

**Kalayaan sa samahan**

- Dapat igalang ng mga supplier ang karapatan ng mga empleyado nito sa kalayaan sa samahan

**Patas na pasahod**

- Ang mga supplier ay dapat magbigay ng patas at naaangkop na bayad at mga benepisyo na tumutugma sa lokal na sahod upang mabuhay.

**Mga oras ng trabaho**

- Dapat tiyakin ng mga supplier na ang lahat ng trabahong lampas sa oras (overtime) ay kusang-loob, at ang mga empleyado ay hindi kinakailangang lumampas sa mga lokal na legal na limitasyon para sa regular at oras ng overtime.

### 3.3 Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

Bilang karagdagan sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na mga batas sa kalusugan at kaligtasan, inaasahan sa mga Supplier na maglaan ng isang mabuti at ligtas na kapaligiran sa pagtatrabaho para sa kanilang mga empleyado at pagaanin ang mga panganib sa kalusugan, kaligtasan at kabutihan hanggang sa lawig na makatwirang maisasagawa.

- Kung may kaugnayan, makikipagtulungan ang Macquarie sa mga Supplier upang matiyak ang naaangkop na mga WHS na kontrol.
- Batay sa uri ng mga kalakal o serbisyo na ipinagkaloob sa Macquarie, maaaring kailanganin ng mga Supplier na magbigay ng karagdagang katibayan ng mga sistema ng pamamahala sa trabaho, kalusugan at kaligtasan at pagsunod sa mga tiyak na kinakailangan sa site.

### 3.4 Kapaligiran

Nakatuon ang Macquarie sa pagtiyak na ang mga panganib sa kapaligiran ay responsableng napamamahalaan at inaasahan ang mga supplier na may mga makabuluhang epekto sa kapaligiran na kilalanin, suriin, pamahalaan at ipabatid ang kanilang pagganap sa kapaligiran. Dapat masakop nito ang mga epekto ng mga kalakal at serbisyo, kabilang ang epekto ng mga operasyon sa kapaligiran na bunga ng mga kalakal o serbisyo. Inaasahan ng Macquarie sa mga Supplier na:

- Ipakita ang pagsunod sa lahat ng naaangkop na mga batas sa kapaligiran, regulasyon at mga kaugnay na internasyonal na pamantayan.
- Gumawa ng magagamit at mahalagang impormasyong may kaugnayan sa mga kredensyal sa kapaligiran ng mga kalakal o serbisyong ipinagkaloob sa Macquarie.
- Magkaroon ng isang epektibong patakaran sa kapaligiran at/o angkop na sistema ng pamamahala sa kapaligiran upang suportahan ang proteksyon ng kapaligiran at mapagaan ang panganib sa kapaligiran; at
- Maghanap ng mga oportunidad upang mapagbuti ang pagganap sa kapaligiran ng mga kalakal o serbisyo tungkol sa napapanatiling produksyon, transportasyon, operasyon at pagtatapon o pagtatapos.

## 4. Pagtatasa at Pagsunod

Reserbado sa Macquarie ang karapatang magsagawa ng mga pagsusuri sa pagsunod o pagtatasa kung kinakailangan upang matiyak ang pagkakahanay sa Mga Batayan o pagsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon. Inaasahan namin na tutugon at makikipagtulungan ang mga Supplier kung kinakailangan ang pagkilos bago, sa panahon o bilang resulta ng mga pagtatasang ito. Maaaring kabilang dito ang pagwawasto sa anumang mga kakulangan na natukoy ng isang panloob o panlabas na pagsusuri, pagtatasa, inspeksyon, pagsisiyasat, o muling pag-aaral sa isang napapanahong paraan.

Kung ang Supplier ay sangkot sa, o nalantad sa, mga makabuluhang isyu sa kapaligiran, lipunan o pamumuno, dapat ipagbigay-alam ng Supplier sa Macquarie sa lalong madaling panahon.

Kung may pangyayari ng anumang hindi pagsunod sa mga kinakailangan ng Mga Batayan at/o naaangkop na mga batas at regulasyon, reserbado ng Macquarie ang karapatang isaalang-alang ang kaugnayan nito sa pakikipagnegosyo sa Supplier.

Kinikilala ng Macquarie na ang pagsunod sa Mga Batayang ito ay maaaring tumagal para sa ilang mga Supplier at nakatuon kaming makipagtulungan sa aming mga Supplier upang matulungan silang maipatupad ang mga planong panlunas upang maisagawa ang pagsunod.

## 5. Pagpapaalam ng mga alalahanin tungkol sa hindi wastong pagkilos

Ang mga Supplier ng Macquarie, ang kanilang mga empleyado at mga subcontractor ay maaaring kumpidensyal na makapag-uulat ng mga alalahanin tungkol sa hindi wastong pagkilos ng Macquarie, ng Supplier o anumang iba pang partido sa daloy ng produkto at serbisyo (supply chain). Kabilang sa hindi wastong pag-uugali ang paglabag sa batas, paglabag sa Kodigo ng Pagkilos ng Macquarie o mga kaugnay na patakaran, pag-uugali na maaaring maglagay sa panganib sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang tao o ng kapaligiran, pag-abuso sa pinansyal o hindi etikal na gawi. Ang anumang tunay na mga alalahanin tungkol sa hindi tamang pagkilos ay maaaring iulat nang may kumpiyansa sa Opisina ng Integridad sa integrityoffice@macquarie.com na isang malayang internal at kumpidensyal na tungkuling nangangasiwa sa Programang Pagsusuplong (Whistleblower Program) ng Macquarie.

**Kung gusto mo ng higit pang impormasyon, o magbigay ng tugon, mangyaring makipag-ugnayan sa vendor.support@macquarie.com**

Ang mga batayang ito ay magagamit lamang sa mga kontrata sa pagitan ng isang supplier at isang buong pagmamay-ari na subsidiary ng Macquarie Group Limited. Kabilang sa nasabing mga subsidiary ang, ngunit hindi limitado sa: Macquarie Group Services Australia Pty Ltd; Macquarie Group Services Australia Pty Ltd (UK Branch); Macquarie Global Services (USA) LLC; Macquarie Holdings (U.S.A.) Inc; Macquarie Group Services (Philippines) Inc.; Macquarie Offshore Services Pty Ltd (Philippine Branch); Macquarie Global Services Private Limited; Macquarie Services (Hong Kong) Limited; Macquarie North America Ltd; and Macquarie Bank Limited.